

Aksiyon na Kaugnay ng COVID-19
ng Illinois Liquor Control
Commission
Mga Benta at Pag-deliver ng mga “To Go” na
Tinimplang Inumin/Cocktail Hunyo 2, 2020

Maaaring ipagbawal ng mga munisipalidad o lalo pang higpitan ang pagbenta at pag-deliver ng mga “to go” na tinimplang inumin/cocktail. Dapat makipag-ugnayan ang mga lisensyadong retailer sa lokal na liquor control commissioner bago magbenta at maghatid ng “to go” na mga timpladang inumin/cocktail para matiyak na sinusunod nito ang lokal na batas.

Ang may-hawak ng lisensyang retailer ng State of Illinois (mga may-hawak ng 1A License) ay maaaring magbenta at mag-deliver ng mga “to go” na tinimplang inumin/cocktail para inumin nang off-premises nang mahigpit na sinusunod ang mga sumusunod na kondisyon:

1. Ang tinimplang inumin/cocktail ay anumang nakalalasing na alak (beer, wine, alak) na tinimpla sa mga inuming hindi nakalalasing gaya ng “fruit juice, lemonade, cream, o carbonated na inumin.”
2. Ang sisidlan ng tinimplang inumin/cocktail ay dapat na:
 - a. Bago/hindi pa nagagamit at matigas. Ang matigas na sisidlan ay gaya ng babasaging kristal, bakal, o ceramic na materyales. Hindi kabilang sa matitigas na sisidlan ang plastic, papel, o Styrofoam;
 - b. Selyado ng mahigpit na takip o lid na tamper-proof o tamper-evident (kabilang ang mga wax-dip seal at mga heat shrink wrap na takip). Walang anumang butas ang takip nadinisenyo para sa mga straw.
 - c. Pinunan at sinelyuhan ng empleyado ng retailer;
 - d. Pinangalanan sa sumusunod na paraan:
 - i. Pangalan ng tinimplang inumin/cocktail, mga sangkap, uri, at pangalan ng alkohol;
 - ii. Ang pangalan, numero ng lisensya, at address ng may-lisensyang retail na nagpuno sa sisidlan at nagbenta ng produkto;
 - iii. Ang dami ng tinimplang inumin/cocktail na nasa sisidlan; at
 - iv. Ang petsa na sinelyuhan ang sisidlan. Ang selyadong sisidlan ay dapat na punan nang wala pang 7 araw bago ang petsa ng pagbenta.
3. **Maaaring** ilipat sa kokonsumo ang tinimplang inumin/cocktail sa sumusunod na paraan:
 - a. Sa loob ng lisensyadong negosyo over the counter; o
 - b. Sa pag-deliver sa tabing-daan ng isang empleyado ng retailer; o
 - c. Pag-deliver sa tahanan ng empleyado ng retailer.
4. Ang tinimplang inumin/cocktail **ay hindi** ililipat sa customer:
 - a. Sa pamamagitan ng serbisyong drive-through; o
 - b. Pag-deliver sa tahanan ng isang third-party na kompanya sa pag-deliver. **Hindi pinapahintulutan ang pag-deliver ng mga third party na kompanya ng pag-deliver.**

5. Ang empleyado ng retailer na maglilipat ng tiniplang inumin/cocktail ay:

- a. Nag-iingat ng balidong sertipika sa pagsasanay na magsilbi mula sa sertipikadong tagapagsanay ng Beverage Alcohol Sellers and Servers Education and Training (BASSET);
 - b. 21 taon gulang o mas matanda pa;
 - c. Sundin ang anumang hinihingi ng mga executive order ng Gobernador na nagdedeklara ng sakuna, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagsuot ng mga guwantes at mask at pagpapanatili ng hinihinging distansya kapag nakikipag-interaksyon sa publiko.
 - d. I-verify ang edad ng paghahatiran ng tinimplang inumin/cocktail (**kung ang empleyadong naghahatid ng cocktail ay hindi magawang ligtas na matiyak ang edad at pagkalasing nga taong hahatiran sa panahong dine-deliver ito, kakanselahin ng empleyado ang benta ng alkohol at ibabalik ang produkto sa may-hawak ng lisensyang magbenta**).
 - e. Para sa mga pag-deliver sa tabing-daan o tahanan, ilagay ang selyadong sisidlan sa trunk o (kung walang trunk) ibang kompartamento ng sasakyan na hindi agad na maaabot mula sa lugar ng pasahero.
6. Limitado ang pag-deliver ng mga tinimplang inumin/cocktail sa mga may-hawak ng lisensya ng State of Illinois para sa alak ("mga 1A License").
 7. Walang may-lisensya na awtorisado ng batas na mag-manufacture ng nakalalasing na alak ang magsasagawa ng mga pag-deliver ng tinimplang inumin/cocktail alinsunod sa 235 ILCS 5/6-28.8. Kabilang sa pagbabawal na ito ang lahat na manufacturer class na may-hawak ng lisensya (ayon sa pagkakatakda sa Section 5/5-1(a) ng Liquor Control Act), lugar ng wine-maker, mga brew pub, at mga distilling pub.
 8. Ang mga may-lisensya na awtorisadong mag-manufacture ng nakalalasing na alak ay maaaring patuloy na pansamantalang mag-deliver ng nakalalasing na alak alinsunod sa gabay na inilabas ng State Commission noong Marso 19, 2020 na pinamagatang "Illinois Liquor Control Commission, COVID-19 Related Actions, Guidance on Temporary Delivery of Alcoholic Liquor."

Ang awtorisasyon na magbenta ng mga tinimplang inumin/cocktail (sa ilalim ng mga kondisyon na itinakda rito) ay nakatakdang mapaso sa Hunyo 2, 2021